



No. 344 Nobyembre 2023

Filipino Edition

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA), ☎048-963-9114

City Hall Main Building – 3F, Community Activity Support Section

HP: https://www.city.koshigaya.saitama.jp/kurashi_shisei/kurashi/kokusaika/index.html



Follow us on
INSTAGRAM

Let's learn more about Koshigaya!

Orientation on living in the city and BUS TOUR

Kailan: Nobyembre 26, Linggo / 12:40pm - 4:00pm (12:30pm ang pagtitipon)

Meeting place: Koshigaya City Hall Building 3 – 1st floor, rooms 1-2

*Aalis ang bus 12:40pm kaya magpunta sa meeting place ng maaga.

Saan: Recycle Plaza, Japanese Garden Hanata-en

Detalye:

● Tour sa Recycle Plaza at pagbibigay ng mga tips at impormasyon na makakatulong sa pang araw-araw habang nakatira sa Koshigaya

● Tour sa Japanese Garden Hanata-en (Kansela kung may malakas ang ulan)

Sino at ilan ang pwedeng sumali:

◆ Foreigners na nakatira sa Koshigaya (pwedeng kasama ang pamilya) → 20 participants
Ipaalam in advance kung kailangan ng interpreter

◆ Volunteer translators/interpreters in Koshigaya → 10 participants

Aplikasyon: Tumawag, mag-email o pumunta ng direkta sa opisina ng Community Activity Support Section mula Nobyembre 1 - 21.

Impormasyon: Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)

☎ 048-963-9114 / Email: shikatsu@city.koshigaya.lg.jp

*Ang opisina ay matatagpuan sa city hall main building, 3rd floor.

Walang bayad!

Libre ang entrance fee ngayong Nobyembre 14

Sa pagdiriwang ng Prefectural Citizen's day ng Saitama, magiging libre o walang bayad ang entrance fee sa mga sumusunod na lugar.

○ Preserved Residence, Nakamura Family's House in Former Higashikata-mura

Open hours: 9:00am - 5:00pm (4:30pm ang huling pagtanggap ng panauhin)

Impormasyon: Lifelong Education Section (SHOGAI GAKUSHU KA), ☎048-963-9315

Nakamura Family's House ☎048-986-7051

○ Japanese Garden Hanata-en: ☎048-962-6999

Open hours: 9:00am - 4:00pm (3:00pm ang huling pagtanggap ng panauhin)

○ Campbellown Forest of Wild Birds: ☎048-979-0100

Open hours: 9:00am - 4:00pm (3:30pm ang huling pagtanggap ng panauhin)

Seminar para sa foreign resident's supporters

"Alamin ang kasalukuyang status ng foreigners sa Koshigaya"

Kailan/Ano: Tuwing Linggo sa mga sumusunod na petsa at tema.

- ◆ Nobyembre 26 / Multicultural Awareness
- ◆ Disyembre 3 / First-hand experience ng simple Japanese
- ◆ Disyembre 17 / Pagtuturo ng Japanese sa mga anak ng foreigners
- ◆ Disyembre 24 / Residence status ng mga anak ng foreigners



Oras/Saan: 1:30pm – 3:30pm / Central Community Center 5th floor meeting room

Target: 20 participants, Nakatira, nagtatrabaho o nag-aaral sa Koshigaya

Magkano: ¥1,000 bawat seminar

Aplikasyon: Nobyembre 1 – 26, gamit ang nakatakdang porma ng aplikasyon.

Impormasyon: Tabunka Kosumo Koshigaya Seminar In-charge, ☎090-8310-9522

Lifelong Sports Course "Let's enjoy moving through sports"

*Libre o walang bayad ang pagsali sa lahat na sports o exercises.

Ano	Kailan	Saan
Kick Boxing Exercise	Nobyembre 20, 27, Disyembre 4, 18 Lunes, 10:00am – 11:30am	Kita Gymnasium
Saikatsu Ball	10:00am – 11:30am tuwing Miyerkules Mula Nobyembre 15 - Disyembre 6	Minami Gymnasium
Aerobics	Nobyembre 17, 24, Disyembre 1, 15 Biyernes, 10:00am – 11:30am	Nishi Gymnasium

Target: Mula 16 taon gulang na nakatira o nagtatrabaho sa Koshigaya

*Hindi pwede ang mga estudyante

Mga dadalhin: Tuwalya, indoor sports shoes at inumin

Aplikasyon: Direktang magpunta ng direkta sa venue sa nakatakdang iskedyul

Impormasyon: Sports Promotion Section (SPORTS SHINKO KA), ☎048-963-9284

REUSE Festival "Pwedeng ma-enjoy mula bata hanggang adults"

Kailan: Nobyembre 19, Linggo / 9:30am – 3:00pm (Tuloy kahit may ulan)

Saan: Higashi Saitama Resources and Environment Association First Plant – REUSE

Ano: Kids Flea Market (dalhin ang mga hindi na ginagamit na laruan, damit, aklat atbp); Quiz Rally; Mini Shinkansen Ride; Food Drive (dalhin ang mga pagkain o sangkap at iba pa na hindi kayang ubusin), mga palaro at iba pa.

*Limitado ang parking space kaya mag-train o mag-bus papunta sa lugar.

Impormasyon: Higashi Saitama Resources and Environment Association,
Planning Committee ☎048-966-0121



Ihanda na maging shelter ang sariling bahay sa panahon ng sakuna o kalamidad

Importante na ihanda ang sariling tahanan na maging shelter sa panahon ng disaster at emergency dahil mas kumportable at mapanatag kung nasa sariling bahay sa panahon ng emergency kumpara sa temporaryong maninirahan sa evacuation shelter at iba pa.

Mga kailangan ihanda at dapat naka-stock sa bahay:

<p>Tubig at pagkain na tumatagal</p> 	<p>Toilet na magagamit kahit walang tubig at hygiene o sanitary products</p> 
<p>Emergency light, portable stove at iba pa</p> 	<p>Communication devices upang makakuha ng bagong impormasyon at iba pa</p> 

Impormasyon: Crisis Management Office (KIKI KANRI SHITSU)

City Hall Main Building 3rd floor, ☎048-963-9285

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji

Ang pahina na ito ay nagpapa kilala ng mga sumusuporta sa proyekto kaugnay sa isang multi-kulturang pamayanan. Ang magbabahagi ngayong buwan ng Nobyembre ay si Ka-san. Siya ay mula sa Beijing China at ngayon ay isa sa mga naka rehistrong boluntaryo ng Koshigaya na tumutulong sa nagpapalaganap na isang multi-kulturang pamayanan.

Kumusta ka? Ako si Ka, isang guro at nagtuturo sa isang paaralang elementarya. Bilang isa sa mga international exchanges ng Koshigaya, pumupunta ako sa mga elementary schools upang magbigay ng presentasyon kaugnay sa bansang China.

Nakatira ako sa Japan ng 20 taon na ang nakalipas. Medyo nahihirapan ako dahil pagdating ko dito, "Ohayo gozaimasu" at "Yoroshiku onegai shimasu" lang ang alam ko. Sa pinagtatrabahuan ko, ang mga guro ay hindi marunong ng Chinese. Tinuturuan nila ako ng salitang hapon sa pamamagitan ng gestures ngunit hindi talaga nag-improve ang aking Japanese hanggat hindi ako kumukuha ng sideline job. At doon ay araw-araw akong nagsasalita ng Japanese kaya unti-unting naging mahusay ako sa wikang Hapon. May nagtuturo din sa akin kung may sinasabi akong Japanese word na mali ang paggamit. Sa araw araw na paggamit ng Japanese, na-realize ko na kapag ang salita ay hindi mo ginagamit, mahihirapan ka tagala sa pag-alala nito.

Sa mga katulad ko na hindi nakatira sa sariling bansa, magiging sagabal o problema talaga kapag hindi mo alam ang kanilang linguahe. Ngunit, kung may interes ka na matuto at maglakas-loob gamitin ang kanilang salita, madali lang na malampasan ang problema sa komunikasyon. Kaya sa mga katulad ko na dayuhan na nakatira sa Japan, humanap ng maraming oportunidad na makapag-gamit ng wikang Hapon at sigurado ako na mag-improve ang iyong kakayahan sa wika at lalo mo pang ma-enjoy ang pagtira dito sa Japan. Give your best, you can do it!

Japanese Language Classes sa Buwan ng Nobyembre

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
			1 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	2	3 Walang Pasok	4 ☆Lingual Koshigaya ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
5	6	7 ☆Minna de Nihongo	8 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	9	10 ☆Nihongo de Go!②	11 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
12	13	14 ☆Minna de Nihongo	15 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	16	17 ☆Nihongo de Go!①	18 ☆Lingual Koshigaya ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
19	20	21 ☆Minna de Nihongo	22 ☆Nihongo Circle Walang pasok ang Kosumo Nihongo Salon	23	24 ☆Nihongo de Go!①	25 Walang pasok ang Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
26	27	28 ☆Minna de Nihongo	29 ☆Nihongo Circle Walang pasok ang Kosumo Nihongo Salon	30		

Minna de Nihongo ¥500/buwan	Kailan: Tuwing Martes, 10:00 am - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F Impormasyon: ☎ 048-989-6342 (Imaizumi-san)
Nihongo Circle ¥100/lesson *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	Kailan: Tuwing Miyerkules, 10:00 am - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F Impormasyon: ☎ 080-5405-9191 (Tanaka-san) https://koshigaya-sui-nihongo.jimdofree.com/ 
Kosumo Nihongo Salon ¥100/lesson info@tabunka-kosumo.or.jp	Kailan: Tuwing Miyerkules, 7:00 pm - 8:30 pm Saan: Hot Koshigaya, Malapit sa Kita Koshigaya station Impormasyon: ☎ 090-5347-2041 (Kojima-san) https://www.tabunka-kosumo.or.jp/ 
Nihongo de Go! ¥100/lesson	Kailan: Tuwing Biyernes, 1:30 pm - 3:30 pm Saan: ①Co-op Plaza Koshigaya ②Gamo Community Center Impormasyon: ☎ 090-5574-7070 (Takayama-san)
Lingual Koshigaya (Libre) *Mag-text bago magpunta.	Kailan: Tuwing Sabado, 10:00 am - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F Impormasyon: ☎ 080-3478-3314 (Suzuki-san)
Tabunka Kodomo Gakushu Juku (Libre) *Tumutulong sa pag-aaral ng bata.	Kailan: Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 pm - 3:30 pm Saan: Community Activity Support Center (Twin City, B City - 5F) Impormasyon: ☎ 090-7422-2002 (Ogawa-san)
Kosumo Kodomo Kyoshitu (Libre) *Tumutulong sa pag-aaral ng bata.	Kailan: Tuwing ika-2 at ika-3 Sabado, 1:30 pm - 4:30 pm Saan: Saitama Resona Sengendai Branch 3F, Youth Base Impormasyon: ☎ 090-8310-9522 (class in-charge) 